

# Mamuhay nang may Lakas at Tapang!

Hindi ka kailanman nag-iisa. Ikaw man ay 1 araw o 30 taon na sa iyong pananampalataya bilang Kristiyano, nananatili ang katotohanang ito para sa lahat ng maaaring ihamon ng buhay sa atin. Alamin kung paano yayakapin nang epektibo ang tulong ng Diyos sa gabay na ito. Hango sa librong, "Out of This World: A Christian's Guide to Growth and Purpose" ni David J. Swandt

Copyright © 2013 David J. Swandt. All Rights Reserved.

Published under license agreement by Twenty20 Faith, Inc. (USA). Not intended for resale. For more information visit:

www.twenty20faith.org

# “Hindi Ka Kailanman Nag-iisa”

Madalas na sinasabi na ang buhay ay binubuo ng serye ng mga pag-angat at pagbaba, mga oras ng kasiyahan at pangako na nahaluan ng mga panahon ng hamon at pag-aalinlangan. Ang buhay ay hindi laging patungo sa tuktok; sa halip ito ay isang paglalakbay na binubuo ng mga burol at lambak. Ang lahat, ang mga mananampalataya at hindi mananampalataya ay magkakapareho na dumadaan sa mga pag-angat at pagbagsak ng buhay.

Ngunit bilang mga Kristiyano, mayroon tayong isang nakakamanghang pangako mula sa Diyos na hindi natin kailangang harapin ang mga lambak ng buhay nang mag-isa. Narito ang Kanyang mga nakakapagpatatag na salita sa atin:

“Magpakatatag kayo at lakasan ninyo ang inyong loob.   Huwag kayong matakot sa

kanila sapagkat sasamahan kayo ni Yahweh na inyong Diyos. Hindi niya kayo iiwan ni pababayaan man.” Deuteronomio 31:6

Ang katotohanan ay kailangan natin ang presensya ng Diyos sa mga panahon man ng hamon at mga panahon ng tagumpay. Sa pagkabatid na kasama natin ang Diyos, mahaharap natin ang bawat hamon sa buhay bilang isang hakbang na tungo sa tagumpay sa halip na sa isang pagbagsak patungo sa kawalan ng pag-asa.

Walang matayog na bundok o sobrang babang lambak na hindi tayo sasalubungin ng Diyos. Anuman ang ating kalagayan, ang Diyos ay tapat, at lagi Siyang nandiyan para sa atin!

# "Ang Diyos ang lumapit sa Iyo!"

Ang buhay na walang hanggan ay isang pangako na bunga ng pagparito ng Diyos sa atin at hindi ang sangkatauhan ang nagsumikap na hanapin ang Diyos.

Mula sa simula ng panahon, minahal na ng Diyos ang bawat isa sa atin ng walang pasubali at walang hanggang pag-ibig. Ang Kanyang orihinal na hangarin ay ang magkaroon ng matibay at masiglang relasyon sa bawat isa sa atin. Gayunpaman, nang sinuway nina Adan at Eva ang Diyos sa Hardin, lumikha ang kanilang kasalanan ng isang hadlang sa pagitan natin at ng Diyos. Nahiwalay tayo sa Kanya nang walang hanggan.

Sa halip na hayaan tayong manatiling hiwalay sa Kanya, nagtakda ang Diyos ng isang perpektong plano para sa pagpapanumbalik-isang bunsod ng Kanyang walang hanggang pag-ibig at awa sa atin. Ang layunin ng Kanyang plano ay

upang lubusang ibalik kahit ang pinakamatalik na mga aspeto ng Kanyang relasyon sa sangkatauhan tulad ng umiiral bago pa nagkasala sina Adan at Eva.

Mahigit 2,000 taon na ang nakalilipas, ipinadala ng Diyos ang Kanyang Anak sa mundo para alisin ang hadlang na sanhi ng kasalanan, at ibigay ang kaligtasan para sa lahat.

“Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya't ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Isinugo ng Diyos ang kanyang Anak, hindi upang hatulan ng parusa ang sanlibutan, kundi upang iligtas ito sa pamamagitan niya.” Juan 3:16-17

Sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay, binayaran ni Jesus nang buo ang parusa ng ating mga kasalanan, at tinanggal Niya ang hadlang sa pagitan natin at ng Diyos. Ang kapatawaran na ito ay nakahanda para sa

lahat ng nakahandang tumanggap sa Kanya bilang kanilang Tagapagligtas.

Ngunit ito ay simula lamang. Bago tinapos ni Jesus ang Kanyang oras sa mundo upang bumalik sa Kanyang Ama sa Langit, inilarawan Niya sa Kanyang mga alagad ang isa pang mahalagang elemento ng mas malawak na plano ng Diyos na ganap na ibalik ang sangkatauhan sa Kaniyang Sarili:

“Sa bahay (Langit) ng aking Ama ay maraming silid. Kung hindi ito totoo, sasabihin ko ba sa inyong pupunta ako roon upang ipaghanda ko kayo ng inyong matitirhan?   At kapag naipaghanda ko na kayo ng matitirhan, ako'y babalik at isasama ko kayo upang kayo'y makapiling ko kung saan ako naroroon.” Juan 14:2-3

Hindi lamang ipinadala ng Diyos si Jesus upang alisin ang hadlang ng kasalanan, ngunit isang araw sa hinaharap, si Jesus ay babalik upang dalhin ang lahat ng mananampalataya sa "tahanan" upang makasama Siya magpakailanman.

# "Embahador ng Langit - Ang Banal na Espiritu"

Ang embahador ay isang opisyal na kinatawan ng isang pamahalaan na ipinadala sa ibang lugar upang manirahan kasama ng mga mamamayan, upang makamit ang isang misyong pangkapayapaan at mabuting kalooban. Tinutupad niya ang kanyang mga tungkulin gamit ang awtoridad, kabutihang-loob at mga kayamanan ng pamahalaang kinakatawan niya. Sa lubos na tiwalang ipinagkaloob sa kanya, tinutupad niya ang kanyang layunin nang may dignidad at hanggang matapos ito.

Sa maraming paraan, ang misyon ng Banal na Espiritu ay kahawig ng isang embahador mula sa Langit. Kinakatawan ng Banal na Espiritu ang lahat ng awtoridad, kapangyarihan at kayamanan ng Diyos, at ipinapahayag at ipinapakita ang pag-ibig ng Diyos sa bawat tao sa mundo sa pamamagitan ng Kanyang presensya at ng Kanyang gawain.

Habang papalapit na ang hangganan ng oras ni Jesus sa Kanyang mga alagad, sinabi Niya sa kanila na hindi sila maiiwang mag-isa kapag wala na Siya. Sinalaysay Niya sa kanila ang Isang ipapadala na papalit sa Kanya at makakasama nila, upang gabayan sila, turuan sila, aliwin sila at pamunuan sila - ang Banal na Espiritu. Sinabi ni Jesus:

“Subalit sinasabi ko sa inyo ang katotohanan. Ang pag-alis ko'y sa ikabubuti ninyo, sapagkat hindi paparito sa inyo ang Patnubay (Banal na Espiritu) kung hindi ako aalis. Ngunit pag-alis ko, isusugo ko siya sa inyo.” Juan 16:7

Nang matapos ang gawain ni Jesus sa mundo, ipinadala Niya ang Banal na Espiritu bilang kapalit Niya at para samahan tayo hanggang sa Kanyang muling pagbabalik. Ang Banal na Espiritu ay nagbibigay ng gabay, pamumuno, aliw at payo sa ating buhay. Inilarawan ni Jesus ang Banal na Espiritu sa Kanyang mga alagad sa ganitong paraan:

“Ngunit ang Patnubay, ang Espiritu Santo na isusugo ng Ama sa pangalan ko, ang siyang magtuturo sa inyo ng lahat ng bagay at magpapaalala ng lahat ng sinabi ko sa inyo.” Juan 14:26

Ang presensya ng Diyos ay nasa atin ngayon sa anyo ng Banal na Espiritu, at aktibo Siyang gumagawa sa ating mundo at sa ating buhay.

# "Ang Kanyang Misyon ay Personal"

Mula sa simula ng paglikha, ang Banal na Espiritu ay naroroon na, na naninirahan sa kalagitnaan natin sa lahat ng mga henerasyon.

“Ang lupa ay walang hugis o anyo. Dilim ang bumabalot sa kalaliman at kumikilos ang Espiritu ng Diyos sa ibabaw ng tubig.” Genesis 1:2

Ngunit ang ministeryo ng Banal na Espiritu ay hindi naging personal at matalik sa bawat mananampalataya hangga’t hindi natapos ni Jesus ang Kanyang gawain sa krus. Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad bago Siya namatay na naroroon sa kalagitnaan nila ang Banal na Espiritu, ngunit hindi pa Siya nananahan sa nila.

“Siya ang Espiritu ng katotohanan, na hindi matanggap ng sanlibutan sapagkat siya (ang Banal na Espiritu) ay hindi nakikita ni

nakikilala ng sanlibutan. Ngunit nakikilala ninyo siya, sapagkat siya'y nasa inyo at siya'y mananatili sa inyo. Hindi ko kayo iiwang mga ulila; babalik ako sa inyo.”
Juan 14:17-18

Ang pangako ni Jesus na aliw sa Kanyang mga alagad bago ang Kanyang kamatayan ay makakasama pa rin Niya sila sa espirituwal, sa pamamagitan ng presensiya ng Banal na Espiritu na nananahan sa kanilang buhay. Ang gawaing sinimulan ni Jesus ay nagpapatuloy sa ating buhay sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Ginagamit ng Diyos ang Banal na Espiritu na nasa atin upang gawin ang apat na bagay:

1. Ginagawa Niya ang kaligtasan bilang isang personal na katotohanan.

2. Binibigyan ka Niya ng kapangyarihan upang mabuhay nang matagumpay.

3. Bumubuo Siya ng katangian ng Kristiyano upang matulungan kang lumago.

4. Ginagawa Niya ang lahat ng bagay na maging ikabubuti mo.

# “Ginagawa Niya ang Kaligtasan Bilang Isang Personal na Katotohanan”

Kahit si Jesus ang nagbayad para sa ating kaligtasan, ang presensya ng Diyos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ang gumagawa sa kaligtasan na ito para maging isang personal na katotohanan sa sinumang tatanggap nito. Malinaw na sinabi ni Jesus na hindi natin basta natatanggap ang kaligtasan kapag ipinanganak tayo. Mayroong espiritwal na muling pagsilang na dapat maganap, isang bagay na tanging ang Banal na Espiritu ang maaaring gumawa.

Sagot naman ni Jesus, “Tandaan mo ang sinasabi kong ito: malibang ang isang tao ay ipanganak sa pamamagitan ng tubig (likas na kapanganakan) at ng Espiritu (pagbabagong espirituwal), hindi siya makakapasok sa kaharian ng Diyos.   Ang taong ipinanganak sa laman ay laman, at ang ipinanganak sa Espiritu ay espiritu” Juan 3:5-6

Sa sandaling tanggapin ng isang tao si Cristo sa kanilang buhay, nagbubunsod ito ng espirituwal na pagbabago sa kanilang panloob na pagkatao, na nagreresulta sa ganap na pagkatanggal ng parusa ng kasalanan mula sa kanilang buhay.

Bukod dito, ang Banal na Espiritu ay kumikilos sa buhay ng mga hindi mananampalataya upang ipahayag ang nakakamanghang pag-ibig ng Diyos sa kanila. Sinabi ni Jesus,

“Ngunit pagdating ng Patnubay (Banal na Espiritu) na susuguin ko mula sa Ama, ang Espiritu ng katotohanan na nagmumula sa Ama, siya ay magpapatotoo tungkol sa akin.” Juan 15:26

Sa ngayon, ipinagpapatuloy ng Banal na Espiritu ang kamangha-manghang ministeryo na paghahayag sa pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapahayag kay Jesus, ang nagkatawang-tao na pag-ibig ng Diyos, at ang lahat na kinakatawan Niya sa kapwa mananampalataya at hindi mananampalataya sa ating mundo.

# “Binibigyan Ka Niya ng Kapangyarihan Upang Mabuhay nang Matagumpay”

Kung wala ang tamang mga kasangkapan para sa trabaho, kahit ang pinakasimpleng mga gawain ay maaaring maging mahirap. Halimbawa, ang pag-alis ng isang tornilyo ay madali sa isang de-kuryenteng distornilyador, ngunit labis na nakakapagod at mahirap kung wala ito.

Ang isa sa mga nangungunang prayoridad ng Diyos ay ang pagbibigay sa atin ng tamang mga kasangkapan sa buhay. Ito man ay karunungan upang harapin ang isang malaking pagpapasya, lakas ng diterminasyon upang sirain ang isang masamang ugali, o kahit na dagdag na pananampalataya at tiwala upang harapin ang isang imposibleng sitwasyon nang may kumpiyansa, ang Diyos ay tapat sa pagbibigay sa atin ng kasangkapan na kailangan natin upang mabuhay ng may katuparan at mapagpalang buhay.

“Kahit na ang mga kabataan ay napapagod at nanlulupaypay. Ngunit muling lumalakas at sumisigla ang nagtitiwala kay Yahweh. Lilipad silang tulad ng mga agila. Sila'y tatakbo ngunit hindi mapapagod, sila'y lalakad ngunit hindi manghihina.” Isaias 40:30-31.

Ang paglalagay ng ating pag-asa sa Kanya ay nagbibigay sa atin ng daan sa isang walang limitasyong imbakan ng tulong upang tayo’y maging handa para sa anumang haharapin natin. Kapag tayo’y napalakas ng kapangyarihang mula sa itaas, mabubuhay tayo nang matagumpay!

# “Bumubuo Siya ng Katangian ng Kristiyano Upang Matulungan Kang Lumago”

Ang mabuting katangian ay hindi isang bagay na natatanggap natin kasama ng kaligtasan, ngunit natutunan at napapalago ito sa paglipas ng panahon. Isa sa mga pangunahing layunin ng Diyos ay ang tulungan tayo na mabuo ang katangian na katulad kay Cristo. Tinutulungan tayo ng Banal na Espiritu na maging mas katulad ni Jesus sa pamamagitan ng pagbuo at pagpapalago ng Kanyang katangian sa atin. Tinatawag ito ng Bibliya na Bunga ng Espiritu.

“Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kabaitan, kabutihan, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili. Walang batas laban sa mga ganito.”
Galacia 5:22-23

Sa gitna ng mga hamon, sinusubukan natin kung minsan na pagtagumpayan ang kahirapan sa pamamagitan ng ating sariling kapangyarihan. Sa paggawa nito, maaari pa nga tayong matukso na ikompromiso ang ating katangian bilang Kristiyano upang malampasan ang ating mga paghihirap, o "makapag-shortcut." Ngunit kapag hiningi natin ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu, tinutulungan Niya tayong manatili sa landas nang may integridad, katotohanan at katapatan, anuman ang mga pangyayari.

Sa mga panahon ng tagumpay, ang di-nagbabagong pamantayang hango sa Bibliya ay dapat na manatiling buo. Ang makasariling pagmamataas at kayabangan ay direktang sumasalungat sa katangian ng Kristiyano na nais ng Diyos na umusbong sa ating buhay. Sa katunayan, kailangan ng bawat Kristiyano ang pagpapakumbaba upang patuloy na matanggap ang pagsulong na mula sa Diyos.

“Pinagpala ang mga mapagpakumbaba, sapagkat mamanahin nila ang daigdig.”
Mateo 5:5

Habang hinaharap natin ang ating mga hamon at tagumpay suot ang mga katangiang katulad ni Cristo, magsisimula tayong lumago sa ating paglakad kasama ng Diyos. Magsisimula din nating mapansin na ang pagkilos ayon sa Bunga ng Espiritu ay gumagana para sa higit nating ikakabuti at sa Kanyang karangalan. Habang mas lumalago tayo sa ating paglakad kasama ng Diyos, mas higit na ipagkakatiwala ng Diyos ang higit pang mga pagpapala sa ating buhay!

# “Ginagawa Niya ang Lahat ng Bagay para sa Ikabubuti Mo”

Ang Diyos ay may kontrol sa lahat ng bagay sa bawat aspeto ng ating buhay. Lubos Siyang may kakayanang isaayos ang anumang pangyayari upang ito ay para sa ating kapakinabangan bilang mga mananampalataya.

“Alam nating sa lahat ng bagay ay gumagawa ang Diyos para sa mabuti kasama ang mga nagmamahal sa kanya, silang mga tinawag ayon sa kanyang layunin.” Roma 8:28

Mas higit ang Kanyang kakayahang pamahalaan kahit ang pinaka-kumplikadong mga hamon sa buhay, at gagabayan Niya tayo sa landas na ikatutupad ng Kanyang plano para sa ating buhay. Gusto lamang Niyang magtiwala tayo sa Kanya na gawin ito.

“Kay Yahweh ka magtiwala, buong puso at lubusan, at huwag kang mananangan sa sariling karunungan. Sa lahat ng iyong gawain siya nga'y alalahanin, upang ika'y patnubayan sa iyong mga tatahakin.” Kawikaan 3:5-6.

Ang paglalagay ng ating tiwala sa Diyos ay hindi hahalili sa lugar ng personal na responsibilidad at mabuting pamamahala. Sa halip, angkop na magkasama ang personal na responsibilidad at pagtitiwala sa Kanya. Kapag ginagawa natin ang ating bahagi, laging tapat ang Diyos sa paggawa ng Kanyang bahagi at pangungunahan Niya tayo nang mahusay.

Sa maraming sitwasyon, ang pangunguna ng Diyos ay dumarating sa anyo ng pagbubukas at pagsasara ng "mga oportunidad" sa ating mga kalagayan. Sa ibang kaso naman, ang ating mga sitwasyon ay nangangailangan ng banal na interbensyon ng Diyos upang magpagaling, gumawa ng isang himala, o gumawa ng isang bagay na imposibleng magawa.

Tiningnan sila ni Jesus at sinabi, “Hindi ito magagawa ng tao, ngunit magagawa ng Diyos ang lahat ng bagay.”  Mateo 19:26

Pagharap man ito sa isang sakit na walang lunas, isang krisis sa pananalapi, o kahit ang hindi inaasahang pagkawala ng isang mahal sa buhay, ang Diyos ay naroroon at kayang kumilos sa paraang higit sa karaniwan sa mga oras na ito.

Ang Diyos ay dalubhasa na gawing tagumpay ang trahedya at ang kahirapan na maging kagalakan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Huwag mag-alinlangan kailanman na “gumagawa pa rin ng himala” ang Diyos ngayon. Kayang mamagitan ng Diyos sa anumang imposibleng sitwasyon!